



## MADALAS NA MGA TANONG (FREQUENTLY ASKED QUESTIONS) TUNGKOL SA COORDINATED ENTRY PARA SA MGA PAMILYA

### Ano ang Coordinated Entry?

Ang Coordinated Entry ay ang ginawang payak at episyente, inilagay sa pamantayan na proseso na nagsisilbing “pambungad na pinto” (“front door”) sa koneksiyon sa mga tao na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan para makakuha ng mga pantulong na nasa komunidad, kabilang ang silungan o pabahay, batay sa sitwasyon ng pamumuhay at kahinaan ng tao. Ang hangarin ng Coordinated Entry ay upang gawin ang pagiging walang-tirahan na bihira, maikli at isang-beses na pangyayari.

Kritikal sa Coordinated Entry ay ang mga Access Point sa komunidad: para sa mga pamilya na may menor de edad na mga anak, ito ay ang Central City Access Point at Bayview Access Point. Ang mga Access Point ay matatagpuan sa mga komunidad na daanan sa pagpasok sa mga serbisyo ng Homelessness Response System ng San Francisco. Ang lahat ng pamilyang naghahanap ng tulong sa pamamagitan ng Coordinated Entry ay dapat pumunta sa isang Access Point kung makakaya nila. Kung ang isang pamilya ay pisikal na hindi makakapunta sa alinman sa Central City o Bayview Access Point, ang kawani ng Bayview Access Point ay mag-aalok ng mobile Access Point services.

### Ano ang maaaring maasahan ng mga pamilya kapag pumunta sa Coordinated Entry?

Batay sa pagiging karapat-dapat at tindi ng pangangailangan ng pamilya, ang mga karapat-dapat na pamilya ay aalukin ng hanay ng mga serbisyo sa mga Access Point:

1. *Pagtatasa ng Pagiging Karapat-dapat.* Nagpapasiya kung ang pamilya ay kuwalipikado bilang isang pamilya na walang-tirahan sa San Francisco.
2. *Paglutas ng Problema.* Tumutulong sa mga pamilya sa San Francisco na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan sa (a) pagpapalano o pagtuklas ng panandalian o pangmatagalang mga oportunidad sa pabahay sa labas ng Homeless Response System ng San Francisco, (b) pagsuporta o pagbabalik ng mga kaugnayan sa pamilya o mga kaibigan na maaaring handang magkaloob ng pabahay o (c) pagsasamahing muli, sa pamamagitan ng Homeward Bound, ang pamilya at mga kaibigan na handa at makakaya na mag-alok sa kanila ng ligtas na lugar na matitirahan.
3. *Pagkakaroon ng Silungan.* Mag-aalok at isasangguni sa congregate shelter ang mga pamilyang walang matutuluyan. Ang mga pamilya sa San Francisco na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan ay tatasahan, bibigyan ng prayoridad at isasangguni ng kawani ng Access Point para magkaroon ng indibiduwal na kuwartong tuluyan gamit ang mga pamamaraan ng Coordinated Entry
4. *Pagtatasa ng Pagiging Prayoridad sa Pabahay.* Kukumpletuhin ng kawani ng Access Point ang mas buong pagtatasa para sa mga pamilyang nangangailangan ng karagdagang tulong. Ang pagtatasa ng pagiging prayoridad sa pabahay na ito ang magpapasiya ng katayuan ng prayoridad batay sa tindi ng pangangailangan at pagkakaroon sa imbentaryo ng pabahay. Ang lahat ng pamilya, maging mapabilang sila o hindi sa “katayuan sa prayoridad” (“priority status”) ay magkakaroon ng opsiyon na gumamit ng mga serbisyo ng emerhensiyang silungan, paglutas ng problema, at prebensyon na maging walang-tirahan.





## **Sinong mga pamilya ang makakakuha ng serbisyo ng Coordinated Entry?**

Itinuturing kayong pamilya na walang-tirahan sa San Francisco at maaari kayong gumamit ng serbisyo ng Coordinated Entry kung kayo ay:

Isang tao na nasa hustong gulang na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan at may pisikal at legal na pag-aalaga sa anak na menor de edad na mababa sa 18 taong gulang, o isa o higt pang mga tao na nasa hustong gulang sa isang sambahayan na may kasamang tao na nasa ikatlong trimestre ng pagbubuntis o nasa mataas na panganib, 5+ buwang pagbubuntis, at kayo ay alinman sa sumusunod:

- (a) Nakatira sa San Francisco sa nakalipas na pitong araw o
- (b) Hindi nakatira sa San Francisco ngunit may anak (o mga anak) na estudyante sa San Francisco Unified School District, o pumapasok sa preschool o daycare sa San Francisco.

Ang mga pamilya na kailangang iugnay sa mga serbisyo na tumutulong sa prebensyon ng pagpapaalis, impormasyon sa abot-kayang pabahay, o iba pang kaparehong pantulong ay maaari ring gumamit ng mga Access Point.

## **Ang mga pamilyang nakakaranas ng Karahasan sa Tahanan (Domestic Violence) ay maaari bang gumamit ng serbisyo ng Coordinated Entry?**

Opo. Kung kayo ay isang pamilya sa San Francisco na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan at karahasan sa tahanan maaari kayong gumamit ng serbisyo ng Coordinated Entry, at pagsisilbihan kayo sa isang paraang sumusuporta sa inyong kaligtasan at pagpapasiya ayon sa sariling kagustuhan, at mabilis na pagpasok sa mga oportunidad sa silungan at/o pabahay. Sa unang pagkontak, ang mga Access Point ay magtatrabaho upang kaagad kayong matulungan na makipag-ugnayan sa mga silungan at pantulong para sa nakakaranas ng karahasan sa tahanan, ayon sa pangangailangan, at/o ipagbibigay-alam sa inyo ang makukuhang mga serbisyo at interbensyon ng HRS.

## **Ang nasa Parenting Transitional Age Youth (TAY) ay maaari bang gumamit ng serbisyo ng Coordinated Entry?**

Opo. Kung kayo ay nasa parenting transitional age youth (TAY) sa San Francisco na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan, maaari kayong gumamit ng serbisyo ng Family Coordinated Entry. Gayunman, ang nasa TAY na walang mga anak lamang ang maaaring makakuha ng serbisyo ng adult shelter system, at ang mga kabataang walang kasama na mababa sa 18 taong gulang ay hinihikayat na lumapit sa mga tagapagkaloob ng serbisyo para sa kabataan.

Ang HSH ay inaasahan na ang Youth Coordinated Entry ay maipapatupad sa 2018. Gayunman, ang mga TAY, TAY service provider, at sinumang mga miyembro ng komunidad na interesadong higit na malaman ang tungkol sa Youth Coordinated Entry ay maaaring dumalo sa mga pulong ng Local Homeless Coordinating Board (LHCB) Coordinated Entry at ONE System Committee na pansamantalang itinakdang sisimulan sa maagang bahagi ng 2018. Mangyari lamang na regular na sumangguni sa <http://hsh.sfgov.org/lhcb/lhcb-cesone-system-committee/> para sa higit na impormasyon.

## **Ang mga nasa hustong gulang (adult) na walang anak na menor de edad ay maaari bang gumamit ng Coordinated Entry para sa mga pamilya?**

Hindi po. Kung kayo ay isang tao na nasa hustong gulang na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan sa San





Francisco ngunit walang pisikal at legal na pag-aalaga ng isang menor de edad na anak na nasa edad na 17 taong gulang o mas mababa, ni kayo ay nasa isang sambahayan na may kasamang tao na nasa ikatlong trimester ng pagbubuntis o nasa mataas na panganib, 5+ buwang pagbubuntis, hindi kayo maaaring gumamit ng mga serbisyo ng Coordinated Entry para sa mga pamilya.

Ang mga tao na nasa hustong gulang ay hinihikayat na maghanap ng mga serbisyo mula sa San Francisco Continuum of Care Coordinated Entry, na prayoridad ang mga nasa hustong gulang na kasalukuyang nakakaranas ng pangmatagalan na pagiging walang-tirahan at mga walang-tirahang beterano na maysakit na hindi gumagaling para sa makukuhang permanenteng suportang pabahay sa San Francisco. Para makakuha ng serbisyo sa San Francisco Continuum of Care Coordinated Entry, mangyari lamang na hingin sa tao na kilala kayo at ang inyong kasaysayan ng pagiging walang-tirahan (gaya ng inyong case manager, pastor, doktor ng pangunahing pangangalaga, atbp.), at hingin sa kanya na magpasa ng online referral sa inyong ngalan sa <http://sf.homebaseccc.org/>. Gayon din, ang sinulat na mga pagsangguni ay maaaring ipadala sa koreo sa:

San Francisco Continuum of Care Coordinated Entry  
PO Box 641471  
San Francisco, CA 94164

Ang HSH ay inaasahan na ang Adult Coordinated Entry ay ilulunsad sa Tagsibol ng 2018. Ang mga adult, adult service provider, at sinumang mga miyembro ng komunidad na interesadong higit na malaman ang tungkol sa Adult Coordinated Entry ay maaaring dumalo sa mga buwanang pulong ng Local Homeless Coordinating Board (LHCB) Coordinated Entry at ONE System Committee, na nagsimula noong Setyembre 2017. Mangyari lamang na regular na sumangguni sa <http://hsh.sfgov.org/lhcb/lhcb-cesone-system-committee/> para sa higit na impormasyon.

### Paano maaaring makakuha ng serbisyo ang mga pamilya sa Coordinated Entry?

Ang mga pamilya na nakakaranas ng pagiging walang-tirahan ay makakakuha ng serbisyo sa Coordinated Entry sa pamamagitan ng pagpunta sa Bayview Access Point o sa Central City Access Point sa mga oras ng kanilang operasyon:

BAYVIEW ACCESS POINT  
1641 LaSalle Avenue  
San Francisco, CA 94124  
Phone Number: 415.430.6320



CENTRAL CITY ACCESS POINT  
995 Market Street, 5th floor  
San Francisco, CA 94103  
Phone Number: 415.644.0504



#### Mga Oras ng Operasyon

Lunes (Pinahabang Oras)	8:30 AM – 7:00 PM
Martes	8:30 AM – 5:00 PM
Miyerkules	8:30 AM – 5:00 PM
Huwebes	8:30 AM – 5:00 PM
Biyernes	8:30 AM – 5:00 PM
Mga Weekend	Sarado

#### Mga Oras ng Operasyon

Lunes	9:00 AM – 5:00 PM
Martes	9:00 AM – 5:00 PM
Miyerkules (Pinahabang Oras)	9:00 AM – 7:00 PM
Huwebes	9:00 AM – 5:00 PM
Biyernes	9:00 AM – 5:00 PM
Mga Weekend	Sarado

#### Pagsasara sa Pista Opisyal

#### Pagsasara sa Pista Opisyal

PO Box 7988  
SAN FRANCISCO, CA 94120  
415.252.3232  
<http://hsh.sfgov.org>





---

Thanksgiving Day (at araw pagkatapos), Christmas Day (at Disyembre 24 & 26), New Year's Day, Martin Luther King's Birthday, President's Day, Memorial Day at Fourth of July

---

Thanksgiving Day, Christmas Day, New Year's Day, Martin Luther King's Birthday, President's Day, Memorial Day at Fourth of July

**Paano ako makakakuha ng emerhensiyang silungan kung sarado ang mga Central City at Bayview Access Point?**

Ang mga pamilyang kailangan ng agarang emerhensiyang silungan kapag sarado ang mga Access Point ay maaaring pumunta sa First Friendship congregate shelter anumang araw ng linggo sa pagitan ng 3:00 PM hanggang 8:00 PM:

First Friendship Shelter  
501 Steiner Street  
San Francisco, CA 94117

